



# PAG-AALAGA NG NATIVE NABABOY



# PAG-AALAGA NG NATIVE NA BABOY


Ang mga katangian ng *native* na baboy ay itim ang karaniwang kulay subalit mayroon ding batik na puti, pula at itim. Ito ay madaling alagaan at sanay sa lokal na kondisyon. Ang mga *native* na baboy ay pangkaraniwang inaalagaan sa malalayong lugar o barangay na minsan ay walang pabahay o kulungan man lamang. Ang mga ito ay madaling mag-anak at may dami ng anak na 5 hanggang 8 biik kada anakan at ang mga inahin at barako ay may timbang na 40 hanggang 60 kilo.

Ang bentahe at kahalagahan sa pag-aalaga ng *native* na baboy ay maliit ang puhunan, ito ay sanay na sa lokal na kundisyon, may kakayahang mabuhay at dumami sa mga lokal na pakain at payak na pag-aalaga at ito rin ay madaling maglahi at manganak. Ang mga inahin ay maingat at maalaga sa mga biik o bulaw at may natural na panlaban sa mga pangkaraniwang sakit at parasito. Ang katangian nito na may natural na lasa na gusto ng lokal na mamimili at mga naglilitson ay dahil sa ganda at lutong ng balat kapag naluto.

## KULUNGAN AT PAGALAAN


Sa kasalukuyan ang mga *native* na baboy ay nakatali at inaalagaan lamang sa mga ilalim ng punong kahoy at minsan ay nakagala lamang sa mga bakuran. Sa ganitong pamamaraan nakakaranas ng mga suliranin ang mga nag-aalaga tulad ng pagkamatay ng mga biik, at ang pagdapo ng ilang karaniwang sakit ng baboy. Kaya ang payo ng mga dalubhasa ay maglaan ng payak na pabahay o kulungan sa *native* na baboy tulad ng bubong na gawa sa nipa, *cogon*, anahaw na may sukat na 2 metro kuwadrado ang bawat inahin o bulugan na may dingding na kawayan, balat ng niyog at kung maaari my pagalaan na may bakod na balat ng niyog, tabla o siit ng kawayan.

### IMINUMUNGKAHING TULUGAN (BEDDINGS)



More info:

- Can use saw dust, rice hull/straw etc.
- Water the top soil if needed (ideal 60% moisture)
- Average: 1-2 years it depends on no. of animals
- Not ideal to lowland or flood prone areas





## PAGPAPALAHÍ AT PAGPAPARAMÍ

Ang pagpapalahi ng *native* na baboy ay ginagawa sa natural na pamamaraan na magkakasama sa kulungan na 15 x 20 metro at may 1:10-15 dami ng bulugan at inahin. Maaari ding magkahiwalay ang mga bulugan at inahin at kung oras o araw na ng pag-papalahi ay saka pagsasamahin.

Upang mapaganda pa ang lahi o kalidad ng *native* na baboy kailangang magkaroon ng pagpili sa mga gagawing palahian na inahin at bulugan tulad ng:

1. malusog at walang sakit;
2. mabilog, makapal ang katawan at may tamang haba;
3. malakas ang mga paa;
4. ang inahinin ay may 5-6 na pares ng suso, maraming manganak (8 pataas), maalaga sa anak (biik); at
5. ang mga bulugan ay pantay ang testicle, pinaka malaki sa mga kapatid, mabilis lumaki at ilan pang katangian tulad ng itim na kulay.

## PAGPAPAKAIN

Isa sa magandang katangian ng *native* na baboy ay ang kakayahan nitong magamit ang mga lokal na pagkain tulad ng darak, kamoteng kahoy, gabi at iba pa upang mabuhay at magparami.

### Inahin at Bulugan

- 1-1.5 kilo na *mixed feeds* (darak, mais, kopra)
- Suplemento tulad ng damo, dahon, bahog (*kitchen left over*), lutong gabi, kamoteng kahoy o pungapong atbp.
- Dagdag na pakain sa mga nagpapasusong inahin



### Biik (10-45 araw ang edad)

- Pagkain na madaling malusaw (*commercial hog starter mash*)
- Dagdag na prutas, gulay, darak, mais na durog o niyog

### Palakihin: (2-5 buwan ang edad)

- 0.3-1 kilo ng *mixed feeds* kada ulo sa isang araw
- Suplemento tulad ng damo, dahon, bahog (*kitchen left over*), lutong gabi, kamoteng kahoy o pungapong atbp.

### Trichantera o Madre de Agua

- Damo na mataas ang protina at calcium
- *Palatable* o gusto ng mga bahoy
- Maaring ibigay ng sariwa o tuyo

### *Simpleng paghahalo ng pakain sa native pig, na gamit ng BAI-NSPRDC*

#### Pakain para sa inahin at barako (BAI-NSPRDC, 2014)

| Mgs Sangkap     | Dami (kg)   | Halaga (Php/kg) | Kabuuan halaga (Php)           |
|-----------------|-------------|-----------------|--------------------------------|
| Darak D1        | 50.00       | 15.00           | 750.00                         |
| Mais (durog)    | 14.20       | 18.00           | 255.60                         |
| Palyat          | 30.00       | 15.00           | 450.00                         |
| Pulot           | 3.75        | 20.00           | 75.00                          |
| Apog            | 2.00        | 12.00           | 24.00                          |
| Asin            | 0.30        | 15.00           | 4.50                           |
| Iba pang pakain | *Ad-libitum |                 |                                |
| Kabuuan         | 100         |                 | Php 1,559.10<br>o Php 15.59/kg |

*\*Nauukol sa dami o dalas ng pagkain ng alagang baboy.*

### Pakain para sa palakihin (2 buwan edad pataas) (BAI-NSPRDC, 2014)

| Mgs Sangkap     | Dami (kg)   | Halaga (Php/kg) | Kabuuan halaga (Php)                   |
|-----------------|-------------|-----------------|----------------------------------------|
| Darak D1        | 30.00       | 15.00           | 450.00                                 |
| Mais (durog)    | 23.00       | 18.00           | 414.00                                 |
| Palyat          | 27.70       | 15.00           | 415.50                                 |
| Pulot           | 3.00        | 20.00           | 60.00                                  |
| Apog            | 2.00        | 12.00           | 24.00                                  |
| Asin            | 0.30        | 15.00           | 4.50                                   |
| Iba pang pakain | *Ad-libitum |                 |                                        |
| <b>Kabuuan</b>  | <b>100</b>  |                 | <b>Php 1,368.00<br/>o Php 13.68/kg</b> |

\*Nauukol sa dami o dalas ng pagkain ng alagang baboy.

## MGA GABAY SA PAG-AALAGA NG NATIVE NA BABOY

**Pag-aalaga ng Bagong Panganak na inahin:** Kung may senyales na malapit ng manganak ang mga inahin (10 araw bago ang takdang pag-anak) tulad ng malaking tiyan, namamaga na ang suso at ang ari nito maaari ng itali o ikulong ang inahin bago manganak. Huwag pakainin ang inahin sa araw ng panganganak, panatilihing tuyo ang sahig o kulungan, maglagay ng mga sapin (dahon, dayami, atbp.) at iwasan ang mabulabog o maabala ang inahin sa oras ng panganganak, hayaan ang normal na panganganak, (iwasan ang pag-iyak ng mga biik) huwag ihiwalay o magtanggap ng ngipin sa araw ng panganganak.

**Pag-aalaga ng biik:** Pabayaang ang mga biik na nakagala sa lupa, upang makakuha ng dagdag *iron*. Kapunin ang mga biik 10-14 na araw ang edad. Panatilihin ding tuyo ang sahig ng kulungan upang maiwasan ang impeksyon. Bigyan ng hiwalay na pakain ang mga biik. Awatin ang mga biik 45 araw ang edad at pabakunahan ng *Hog Cholera* o peste ang mga biik na may dalawang buwan ang edad.



**Palakihin:** Ang kailangan na tamang laki ng palakihin ay:

- Para sa lechon: 10-30 kilo sa buhay
- Para sa katay: 30-40 kilo sa buhay o higit pa

Magpakain ng pinaghalong darak, kopra at niluto o pinatuyong kamoteng kahoy at gabi. Maglaan ng galaan at supplementong protina mula sa mga damo, legumbre, dahon, bahog (*kitchen left over*), atbp.

## KALUSUGAN AT MGA KARANIWANG SAKIT

- Maglaan ng simpleng silungan o pabahay para sa tag-ulan at matinding init ng araw upang makaiwas sa sakit. Tama at sapat na pakain at tubig na inumin ay kailangan para sa tamang paglaki at kalusugan ng alagang *native* na baboy.
- Bakunahan ng *Hog Cholera* ang mga alaga sa unang 2 buwan ang edad at tuwing ika-6 na buwan sa mga inahin at bulugan.
- Para sa ubo at sipon (*respiratory problem*), maaaring gumamit ng mga natural na gamot tulad ng pinakulong sambong, lagundi at iba pang mga dahong gamot.
- Pagtatae (*diarrhea*): kadalasang nararanasan sa mga biik, maaaring pakainin ang mga biik ng madagtang dahon tulad ng kaymito, bayabas, puno ng saging at iba pa.

Kung magpatuloy ang sakit ng mga alagang *native* na baboy maaring kumunsulta sa mga beterinyaro.





## ANG POTENSIYAL NG NATIVE NA BABOY

Kulang ang handaan ng pinoy (*Filipino*) kung walang lechon na baboy sa hapag at kung tatanungin ang mga lokal na naglilitson mas magandang gamitin ang *native* na baboy dahil sa lasa at ganda ng balat kapag naluto. Ang karaniwang *native* na baboy ay may kakayahang lumaki at dumami ang anak sa pamamagitan ng tamang pagpili ng mga gagawing inahin at bulugan. Maaring gamitin sa natural o organikong produksiyon ng karne.

Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan kay:

**Rene C. Santiago, DVM**  
Center Chief IV  
Bureau of Animal Industry  
National Swine and Poultry Research  
and Development Center  
Brgy. Lagalag Tiaong, Quezon  
(042) 585-7727